# Impormasyon sa Telemental na Serbisyong Pangkalusugan

## Ano ang Telemental na serbisyong pangkalusugan at kailan ginagamit ang mga ito?

Ang Telemental na serbisyong pangkalusugan ay ginagamit kapag ang tauhan sa kalusugang pangkaisipan ay hindi maaaring makasama mo upang tasahin ang iyong mga pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan at, kung naaangkop, magreseta ng mga gamot. Ang tauhan sa kalusugang pangkaisipan ay maaaring nasa ibang lokasyon at handang maglingkod sa iyo sa pamamagitan ng bagong magagamit na teknolohiya. Sa halip na makipag-usap sa isang tao, telepono sa ibang lokasyon, ang Telemental na serbisyong pangkalusugan ay gumagamit ng video camera at computer upang magpadala ng parehong boses at personal na imahe (mga larawan) sa pagitan mo at ng tauhan sa kalusugang pangkaisipan upang hindi lamang kayo maaaring makapag-usap, pero magkikita rin ninyo ang isa't-isa. Pinapahintulutan nito ang tauhan ng kalusugang pangkaisipan na mas mahusay na tasahin ang iyong mga pangangailangan.

## Paano gumagana ang Telemental na mga serbisyong pangkalusugan?

Ikaw ay nasa isang pribadong silid mag-isa, may kasamang miyembro ng pamilya, o tauhan. Ang silid ay may computer at video camera. Ang tauhan sa kalusugang pangkaisipan ay nasa isang pribadong silid din pero sa ibang lokasyon na may parehong uri ng kagamitan. Kapag handa nang magsimula ang sesyon, bubuksan ng tauhan ng klinika ang computer at camera upang magkita at makapag-usap kayo ng tauhan ng kalusugang pangkaisipan. Kapag tapos na ang sesyon, papatayin ng tauhan ng klinika ang kagamitan.

## Paano ito naiiba sa regular na sesyon sa tauhan ng kalusugang pangkaisipan?

Maliban sa iyo at sa tauhan ng kalusugang pangkaisipan na hindi magkasama sa iisang silid, kakaunti lamang ang pagkakaiba sa sesyon. Ang tauhan ng kalusugang pangkaisipan ay magtatanong at itatala ang mga klinikal na impormasyon na iyong ibinahagi sa kanya, magpapadala ng anumang mga reseta na inutos sa parmasya para iyong kuhanin kung nagreseta ng mga gamot, itatala ang serbisyong ipinagkaloob, at titiyakin na ang dokumento ay kasama sa iyong talaan sa klinika para sa pagsangguni dito sa hinaharap.

## Ano ang mangyayari kung pipiliin ko na hindi bigyang pahintulot ang Telemental na mga serbisyong pangkalusugan?

Kung iyong pipiliin na hindi magbigay pahintulot sa Telemental na serbisyong pangkalusugan, hindi kami makakapagkaloob sa iyo ng madali at handang magamit na mga serbisyo at ang iyong mga serbisyo ay babaguhin ang takdang araw at lugar para sa ibang petsa at/o ibang lugar.

| | |
|---|---|
| **Ang kompidensyal na impormasyong ito ay ipinagkaloob sa iyo alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal kabilang ang, nguni't hindi limitado sa naaangkop na Welfare and Institutions code (Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon), Civil Code (Kodigong Sibil) at HIPAA Privacy Standards (Mga Pamantayan ng HIPAA sa Pagkapribado). Ang paggawa ng kopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng kliyente/may pahintulot na kinatawan na may kinalaman maliban kung iba ang pinapahintulot ng batas. Ang pagsisira sa impormasyong ito ay kinakailangan matapos matugunan ang ipinahayag na layunin ng orihinal na kahilingan.** | **Pangalan:** **Numero ng IS:**<br>**Ahensiya:** **Numero ng Tagapagkaloob ng Serbisyo:**<br>**County ng Los Angeles – Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan** |

# PAHINTULOT PARA SA TELEMENTAL NA MGA SERBISIYONG PANGKALUSUGAN



Aking nauunawaan na:

1. Ako ay may opsyon na bawiin ang pahintulot sa anumang oras. Maaari kong bawiin ang pahintulot na ito anumang oras kasama ang panahon na isinasagawa ang isang sesyon. Hindi nakakaapekto sa aking karapatan o sa panghinaharap na pag-aalaga. Ang pagpigil o pagbawi sa pahintulot ay hindi ilalagay sa panganib ang mga kapakinabangan ng programa na may karapatan ako..
2. Ang potensyal na kapakinabangan ng Telemental na mga serbisyong pangkalusugan ay makakausap ko ang tauhan sa kalusugang pangkaisipan ngayon mula sa lokal na lugar na ito para sa pagtatasa ng aking mga pangangailangan. Kapag naaangkop, ako ay makakalahok sa mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan, masimulan ngayon ang gamot, o ipagpatuloy ang aking mga kasalukuyang gamot nang hindi humihinto.
3. Ang potensyal na panganib ng Telemental na mga serbisyong pangkalusugan ay isang bahagya o kumpletong hindi paggana ng kagamitan na ginagamit na maaaring magresulta sa kakulangan sa kakayahan ng tauhan ng kalusugang pangkaisipan na kumpletuhin ang pagtatasa, mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, at/o proseso ng pagrereseta.
4. Walang permanenteng video o narekord na boses na pananatilihin sa sesyon ng Telemental na mga serbisyong pangkalusugan.
5. Ilalapat ang lahat ng kasalukuyang ipinapatupad na proteksyon sa pagiging kompidensyal.
6. Lahat ng mga umiiral na batas hinggil sa paraang makuha ng kliyente ang impormasyon sa kalusugan at mga kopya ng mga rekord sa kalusugang pangkaisipan ay ilalapat.
7. Ang pamamahagi sa magpapakilala sa kliyente na imahe o impormasyon na mula sa Telemental na interaksyong pangkalusugan papunta sa mga mananaliksik o iba pang mga entitidad ay hindi magaganap nang wala ang pahintulot ng kliyente.

Ako, si ________________________________, ay nagpapahintulot sa Telemental na serbisyong pangkalusugan sa mga pangyayari kung saan ang tauhan sa kalusugang pangkaisipan na angkop sa aking mga pangangailangan ay hindi kaagad makakapunta sa aking lugar. Tinalakay sa akin ng aking tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan ang impormasyong ipinagkaloob sa itaas. Nagkaroon ako ng pagkakataon na magtanong ukol sa impormasyong ito, at lahat ng aking mga katanungan ay nasagot. Nauunawaan ko ang nakasulat na impormasyon na ipinagkaloob sa itaas.

| | | |
|---|---|---|
| Lagda ng Kliyente* | | Petsa |
| Lagda ng Responsableng Mayor de Edad** | Kaugnayan sa Kliyente | Petsa |
| Lagda ng Saksi/Tagapagsalin-wika *** | | Petsa |

Ang Pahintulot na ito ay isinalin-wika sa ____________________ para sa kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang. Kung ang isang nakasalin-wika na bersyon ng Pahintulot na ito ay nilagdaan ng kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang, nakalakip dapat ang isinaling bersyon sa Ingles na bersyon.

Binigyan ang ☐ lumagda ☐ hindi binigyan ng kopya ng Pahintulot na ito noong ______________ sa ________.
Petsa Mga Inisyal

**Ang bahaging ito ay dapat kumpletuhin ng Mga Tauhan kung nilagdaan ng Menor de Edad o kung walang lagda ng kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang .**

☐ Ang kliyente ay handang tanggapin ang Telemental na mga serbisyong pangkalusugan, pero ayaw lagdaan ang Pahintulot na ito.

☐ Nakumpleto ko o ipinakumpleto ang form sa Pahintulot sa Menor de Edad para sa kahit na sinong kliyente sa pagitan ng edad na 12-18 na lumagda sa itaas nang walang pahintulot ng magulang/tagapag-alaga at aking pinatotohanan na natutugunan ng kliyente ang lahat ng pangangailangan sa pagiging karapat-dapat tulad nang naitala sa Form sa Pahintulot sa Menor de Edad upang tumanggap ng gamot o panggamot nang walang pahintulot ng legal na kinatawan.

| | |
|---|---|
| Lagda ng Tauhan | Petsa |

* Ang menor de edad na kliyenteng tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng kaniyang sariling lagda ay dapat na may nilagdaang Form na Pahintulot sa Menor de Edad na nasa file ng talaan ng klinika.

** Responsableng Nasa Hustong Gulang = Tagapag-alaga, Konserbator o Magulang ng menor de edad kung kinakailangan.

*** Saksi/Tagasalin-wika = Ang taong nakasaksi sa paglalagda ng form (maaaring tauhan o iba pang tao) o ang tagapagsalin-wika ng form na ito sa iba pang wika para sa kliyente (kailangang kasama ang wika kung saan ito isinalin).

| | | |
|---|---|---|
| **Ang kompidensyal na impormasyong ito ay ipinagkaloob sa iyo alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal kabilang ang, nguni't hindi limitado sa naaangkop na Welfare and Institutions code (Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon), Civil Code (Kodigong Sibil) at HIPAA Privacy Standards (Mga Pamantayan ng HIPAA sa Pagkapribado). Ang paggawa ng kopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na awtorisasyon ng kliyente/awtorisadong kinatawan na may kinalaman maliban kung iba ang pinapahintulot ng batas. Ang pagsira sa impormasyong ito ay kinakailangan matapos matugunan ang ipinahayag na layunin ng orihinal na kahilingan.** | **Pangalan:**<br>**Ahensiya:**<br>**County ng Los Angeles – Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan** | **Numero ng IS:**<br>**Numero ng Tagapagkaloob ng Serbisyo:** |